CALIFORNIA
High-Speed Rail Authority

# Ano ang Nabago sa Isinapinal na Ulat ng Epekto sa Kapaligiran/ Pahayag ng Epekto sa Kapaligiran?

## SEKSYON NG PROYEKTO MULA SAN FRANCISCO HANGGANG SAN JOSE

Inilathala ng California High-Speed Rail Authority (Authority) ang Isinapinal na Environmental Impact Report (EIR, Ulat ng Epekto sa Kapaligiran)/Environmental Impact Statement (EIS, Pahayag ng Epekto sa Kapaligiran) para sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose. Pinauunlad ito mula sa:

- Hindi pa Isinasapinal na EIR/EIS na inilabas noong Hulyo 10, 2020 at sinamahan ng pagrerepaso ng publiko at panahon ng pagkomento hanggang Setyembre 9, 2020.
- Nirebisa/Karagdagang Hindi pa Isinasapinal na EIR/EIS (RDEIR/SDEIS) na inilabas noong Hulyo 23, 2021 at sinamahan ng pagrerepaso ng publiko at panahon ng pagkomento hanggang Setyembre 8, 2021.

Bilang bahagi ng proseso ng pag-aaral para sa kapaligiran, sinusuri ng EIR/EIS ang mga epekto at kapakinabangan ng pagpapakilala ng high-speed rail sa seksyon ng proyektong ito at inilalarawan ang mga pamamaraan upang iwasan, bawasan, o pahupain ang mga epekto ng proyekto.

### Mga Komento at Sagot ng Publiko:

Sa dalawang panahon ng pagkomento ng publiko, nakatanggap ang Authority ng 175 pagsusumite na nagbibigay ng kabuuang mahigit sa 2,250 komento. Bumuo ang pangkat ng proyekto ng mga sagot sa bawat isa sa mga komento, at ang mga ito ay isinama sa Isinapinal na EIR/EIS.



**Larawan 1.** Paglalagay ng mesa ng mga kawani ng Authority sa lokal na Farmers Market

## MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Makikita ng publiko ang Isinapinal na EIR/EIS simula **Hunyo 10, 2022**.

Ang Lupon ng mga Direktor ng Authority ay magpupulong sa **Agosto 2022** upang isaalang-alang kung sesertipikahan ang Isinapinal na EIR/EIS at kung aaprubahan ang Mas Ninanais na Alternatibo. Isasaalang-alang din nila kung aatasan ang Authority na maglabas ng Record of Decision (ROD, Tala ng Pasya), gaya ng iniaatas ng National Environmental Policy Act (NEPA, Batas ng Pambansang Patakaran sa Kapaligiran), at maghain ng Notice of Determination (Abiso ng Pagpapasya), gaya ng iniaatas ng California Environmental Quality Act (CEQA, Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California).

Ang mga desisyong ito ay kukumpleto sa proseso ng pag-aaral para sa kapaligiran na magpapahintulot sa proyektong magpatuloy ng higit pa sa pangunahing disenyo sa oras na makakuha ng pagpopondo.

## MGA PAGSUSURI AT MITIGASYON

Patuloy na nakipagkonsulta ang Authority sa mga lokal na hurisdiksyon at may-ari ng ari-arian sa alignment at malapit na nakipagtulungan sa mga nangangasiwang ahensyang may hurisdiksyon sa ilang bahagi ng proyekto. Ang pakikipagkonsultang ito ay nagresulta sa mga pagpapahusay sa proyekto, mga update sa pagsusuri sa mga epekto, at karagdagan o nirebisang mga hakbang ng mitigasyon.

Kabilang sa ilan sa mga pangunahing update ang:

### Mga Alternatibo

- Mga Update upang sumalamin sa mga pagpapahusay sa disenyo para sa parehong alternatibong proyekto A at B
- Karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagsusuri sa pagpili ng lugar para sa Light Maintenance Facility (LMF, pasilidad sa magaan na pagpapanatili)

### Riles at Daanan

- Inilipat ang Lagoon Road upang maiwasan ang hurisdiksyon ng San Francisco Bay Conservation and Development Commission (Komisyon ng Konserbasyon at Pagpapaunlad ng San Francisco Bay) sa Brisbane Lagoon
- Ang Old County Road Extension sa Lungsod ng Brisbane ay inalis upang matugunan ang mga komento ng mga apektado
- Inilipat ang Lead Track Alignment ng LMF

### Kalidad ng Hangin

- Mga update sa mga pagsusuri sa epekto upang sumalamin sa mga pagbabago ng disensyo at mga nirebisang ipinagpapalagay sa konstruksyon, kabilang ang pagdadala ng mga lupa at materyal mula sa landfill mula sa lugar ng LMF na dinadala sa lugar na tapunan sa Central Valley.
- Pagdagdag ng bagong hakbang ng mitigasyon na nagtatakda ng mga iniaatas para sa mga sasakyan sa daan at kagamitang wala sa daan na ginagamit para sa konstruksyon ng proyekto.

### Transportasyon

- Karagdagang pagsusuri sa trapiko sa konstruksyon sa Brisbane LMF, mga paglilinaw sa pagkakaroon ng paradahan sa Diridon Station, isang ini-update na inaasahang kargamento at pagsusuri sa mga epekto ng kargamento.
- Mga mitigasyon sa trapikong partikular sa lugar para sa ilang epekto sa lokal na interseksyon, paglalapat ng mga pagpapabuti ng priyoridad sa transit sa panahon ng konstruksyon upang mabawasan ang pagkaantala ng bus transit, at mga karagdagang hakbang upang mabawasan ang mga epekto ng kargamento sa panahon ng konstruksyon.

### Ingay at Pagyanig

- Paglilinaw na tutulungan ng Authority ang mga lungsod sa mga aplikasyon ng tahimik na sona kung saan ito ay sinusuportahan ng mga lokal na hurisdiksyon.
- Panibagong apendise—Apendise 3.4-C, Mga Lokasyon ng Epekto ng Ingay—upang magbigay ng higit pang mga detalyadong larawan na naglalarawan ng mga lokasyon na may potensyal na epekto at mga humahadlang sa ingay.

### Mga Mapagkukunang Biyolohikal

- Karagdagang pagsusuri sa mountain lion, monarch butterfly, at mga epekto ng pag-iilaw at ingay sa buhay-ilang.
- Mga rebisyon upang tugunan ang mga epekto sa tirahang pangkalikasan para sa mga nakalistang paru-paro.
- Paglilinaw sa mga hakbang ng mitigasyon at karagdagang mitigasyon upang matugunan ang mga epekto sa monarch butterfly.

### Mga Mapanganib na Materyales at Basura

- Karagdagang impormasyon tungkol sa umiiral na kontaminasyon sa lugar ng Brisbane LMF.
- Karagdagang pagsusuri sa mga epektong nauugnay sa konstruksyon ng LMF sa mga lugar na may kontaminasyon, kabilang ang dating Southern Pacific Railroad railyard at dating Brisbane landfill.

### Kaligtasan at Seguridad

- Karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan sa at-grade crossing.
- Karagdagang paglilinaw tungkol sa mga isyu ng kaligtasan sa paliparan.
- Nirebisang pagsusuri upang sumalamin sa nakayugtong pamamaraan ng konstruksyon sa mga pagbabago sa kalsada sa paligid ng Brisbane LMF na magpapanatili sa pag-access ng sasakyang pang-emerhensya sa Tunnel Avenue Overcrossing sa kabuuan ng proseso ng konstruksyon.
- Mga update upang sumalamin sa mga rebisyon sa disenyo para sa Inilipat na Brisbane Fire Station (Alternatibo A) batay sa feedback mula sa Lungsod ng Brisbane at upang linawin ang disenyo ng pag-access para sa Inilipat na Brisbane Fire Station (Alternatibo B).
- Nirebisang mitigasyon sa pagresponde ng pang-emerhensyang sasakyan upang isaalang-alang ang pangunguna ng sasakyang pang-emerhensya ng Lungsod ng San Jose. Para sa mitigasyon, nililinaw nito ang mga iniaatas sa pagsubaybay at pakikipagkonsulta sa mga lokal na lungsod at mga kagawaran ng bumbero at tinutukoy ang ilang mitigasyon sa interseksyon ng trapiko na iniaatas kung hindi ganap na natutugunan ng ibang mga hakbang ang mga epekto.

### Mga Parke at Libangan

- Karagdagang pagsusuri upang tasahin ang mga epekto ng proyekto sa Monterey Park, Reed and Grant Streets Sports Park, Del Monte Park, at Roberto Antonio Balermino Park.
- Panibagong hakbang ng mitigasyon upang tugunan ang mga permanenteng epekto sa pagkuha ng Reed and Grant Streets Sports Park sa ilalim ng Alternatibo B (Viaduct hanggang Scott Boulevard).

## MADALIANG GABAY NA SANGGUNIAN SA ISINAPINAL NA EIR/EIS

### Mga Epekto sa Aking Komunidad

» **Tomo I** Sa loob ng bawat seksyon sa mapagkukunan, ipinagkakaloob ang pagsusuri ng epekto sa subseksyon ng proyekto: San Francisco patungong South San Francisco, San Bruno patungong San Mateo, San Mateo patungong Palo Alto, Mountain View patungong Santa Clara, at San Jose Diridon Approach

### Mga Mapa ng mga Alternatibo

» **Tomo I, Kabanata 2, Mga Alternatibo –** Mga Pangkalahatang Mapa

» **Tomo II, Apendise 3.1-A –** Mga Mapa ng mga Apektadong Ari-arian

» **Tomo III –** Mga Pangunahing Plano sa Inhinyeriya

### Mga Biswal na Simulasyon ng mga Alternatibo

» **Tomo I, Kabanata 3, Seksyon 3.15,** Kagandahan at Biswal na Kalidad

### Mga Sagot* sa mga Komento sa Hindi pa Isinasapinal na EIR/EIS o Nirebisa/Karagdagang Hindi pa Isinasapinal na EIR/EIS

» **Tomo IV, Kabanata 17 –** Mga Karaniwang Sagot

» **Tomo IV, Mga Kabanata 18 hanggang 21 –** Mga Karaniwang Sagot sa Espanyol, Mandarin, Vietnamese at Tagalog

» **Tomo IV, Mga Kabanata 21 hanggang 27 –** Mga Sagot sa mga Komento ng Ahensya, Opisyal, Tribo, Negosyo, Organisasyon, at Indibidwal

» *Makukuha ang mga isinaling kopya ng anumang partikular na sagot sa komento kapag hiniling.

PAANO MANANATILING NAKIKIBAHAGI www.hsr.ca.gov 800-435-8670 san.francisco_san.jose@hsr.ca.gov @cahsra facebook.com/CaliforniaHighSpeedRail @cahsra youtube.com/CAHighSpeedRail